Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## Ikatlong Markahan – Modyul 5

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Margielyn A. Goc-Ong
**Tagalapat:** Margielyn A. Goc-Ong
**Tagasuri ng Nilalaman:** Gina B. Valdez
**Tagasuri ng Wika:** Rico C. Tarectecan
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# MAIKLING KUWENTO MULA SA AFRICA

## INAASAHAN

Upang higit na maunawaan ng mga nasa Baitang Sampu ang akdang pampanitikan ng Africa sa SLeM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan (F10PN-IIId-e-79)
2. Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa (F10PT-IIId-e-79)
3. Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa: sarili,panlipunan, at pandaigdigan (F10PS-IIId-e-81)

## UNANG PAGSUBOK

Narito ang maikling pagsubok na may layong sukatin ang iyong kaalaman sa mga araling pag-aaralan.

**Panuto**: Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ngayon, gugugulin niya ang kaniyang buhay sa maliit niyang dampa sa tabing Ilog sa Kalansada. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?

A. sasayangin B. ilalaan C. ibibigay D. wawakasan

2. Karaniwang nagtatampisaw ang mga taga-Kalansanda sa ilog. Ibigay ang kahulugan ng salitang nagtatampisaw.

A. naghahabulan B. naliligo C. nagtutulakan D. naglalaro

3. Ang drayber ng motorsiklo at alagang baboy nito ay tumilapon sa iba't ibang direksyon. Tukuyin ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

A.tumalon B. naglakad C. tumalsik D. gumapang

**Para sa bilang 4-7.**

Sinabi niya kay Daudi Kulubya na nagmamalasakit sa papilay-pilay niyang lakad na nasisiyahan naman siya sa ginagawa niya sa alagang baboy. Masaya siyang uuwi at ibababad ang mga paa sa isang palanggana ng mainit na tubig ng isang oras. Hindi na niya iisipin ang pananakit ng kaniyang mga kalyo.

Gaano pa katagal ang ganitong sitwasyon? May mga pagkakataon na kinakausap ni Kibuka ang ilang kilala niyang bumibili ng alaga niyang baboy. Ngunit ang pagmamahal sa alagang baboy ang namamayani kay Kibuka kaya hindi niya ito maipagbibili dahil para na rin itong pagtataksil sa alaga.

Halaw mula sahttp://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/ang-alaga.html

4. Mahihinuha mula sa siping kuwento na ang tagapag-alaga ay mayroong katangiang_______ sa kaniyang alaga.
   A. malupit  C. may pagmamalasakit
   B. malinis  D. masayahin
5. Kahit makapal na ang kalyo ni Kibuka, patuloy niya pa ring pinagmamalasakitan ang alaga sapagkat________.
   A. ibebenta niya ito kalaunan.  C. nagiging sikat na ito sa buong kapitbahay.
   B. nais niya itong malunod sa ilog.  D. minahal niya ito na parang sariling anak.
6. Naisip ni Kibukang ipagbili ang alaga dahil sa kapaguran ngunit hindi niya ito ginawa sapagkat_________.
   A. pagtataksil ito sa kaniyang alaga  C. namatay na rin ito
   B. naaawa siya dito  D. palalakihin pa itong lubusan
7. Anong aral ang kumintal sa iyong isipan matapos mabasa ang akda?
   A. Hindi maaaring magsama ang tao at hayop hanggang sa dulo ng kanilang buhay.
   B. May pagmamahal talagang mabubuo mula sa tao at sa kaniyang alaga.
   C. Dapat mas unahin ang kapakanan ng tao kaysa sa alagang hayop.
   D. Walang mabuting idudulot ang pag-aalaga ng baboy.

**Para sa bilang 8-10**. Tukuyin ang pinakaangkop na opinyong naaayon sa isyung panlipunang inilahad sa bawat bilang.

8. Mabilis ang pagtaas ng presyo ng bilihin dulot ng pandemyang nararanasan ng ating bansa.
   A. Itinuturing na kapag mataas ang demand ay mababa ang supply.
   B. Sa tingin ko nangyari ito dahil sa kalamidad na naranasan ng bansa.
   C. Marami sigurong mga supplier ang nagsasagawa ng hoarding upang mapataas ang presyo.
   D. Batay sa aking paniniwala walang kinalaman ang Covid 19 sa isyung ito.
9. Ang pagkamatay ng isang flight attendant ay nagdulot ng pagkadawit ng maraming tao.
   A. Ayon sa eksperto Aortic Aneurysm ang ikinamatay nito.
   B. Sa palagay ko, pare-pareho lamang silang biktima ng panghuhusga ng ilang netizen.
   C. Iginiit ng ina ng dalaga na ang kaniyang anak ay ginahasa.
   D. Napatunayan ng ekspertong walang kasalanan ang mga kaibigan ng dalaga sa pagkamatay nito.
10. Ang pagkakaroon ng 2$^{nd}$ variant ng Covid 19 sa bansa ay nagdulot ng lalong takot sa mga Pilipino.
   A. Ito ay nagmula sa bansang Europa.
   B. Maaaring ito'y mapigilan kung tayo ay magiging maingat.
   C. Magkakaroon ng malawakang pagbabakuna sa ating bansa.
   D. Sa tingin ko magiging maingat na ang mga tao sa paglabas-labas.

E.

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Punan ng angkop na salita ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng tulang salin mula sa *Pilgrimage of African ni Wayne Visser*. Piliin ang sagot mula sa katabing kahon.

| | |
|---|---|
| Tinalunton, ang_____________ ng kalikasan<br>Ako'y_________dumating, isang buhay.<br>Binuklod ng __________ng mga ninuno<br>Kami'y _________dumating, isang_________. | tribo<br>hangin<br>bakas<br>leon<br>kamay |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**Panuto**: Basahin ang siping bahagi ng maikling kuwentong mula sa Africa (Kenya). Suriin kung masasalamin ba dito ang kanilang kultura.

Hindi pa tanggap ni Kibuka na siya ay isa nang retirado. Gayunman, wala siyang magagawa kung hindi tanggapin ang kapalaran.

Dinalhan siya ng kaniyang apo ng isang alagang baboy. Noong una ay ayaw niya ring alagaan ito ngunit napilitan na rin siya.

Pinakain niya ang baboy hanggang sa lumaki ito. Dahil sa di maawat na paglaki ng baboy, naging pasakit na rin kay Kibuka ang pag-aalaga rito.

Wala na siyang maipakain. Ngunit mabubuti ang kaniyang mga kapitbahay at binibigyan ng pagkain ang baboy.

Isang araw, nang papunta si Kibuka sa sagradong puno, hindi sinasadyang nabundol sila ng isang motorsiklo. Hindi naman lubhang nasugatan si Kibuka ngunit nagkamit ito ng sugat sa balikat. Nang makabangon, agad niyang hinanap ang alaga.

Narinig nila ang kakaibang iyak ng baboy na kalaunan ay binawian din ng buhay. Dumating ang mga pulis at pinayuhan si Kibuka na magpagaling muna.

Ngunit inaaalala niya ang baboy. Ayaw niya sanang kainin ito dahil pagtataksil daw iyon sa alaga.


Ngunit naisip niyang ipakatay na lamang ito habang sariwa pa ang laman. Ipinakain at inihanda niya ang karne ng alaga sa kaniyang mga kapitbahay na nag-alaga at nagpakain sa baboy noong nabubuhay pa.

Dumating ang kaibigang si Musisi at nakapagkuwentuhan sila ni Kibuka. Napasarap ang pag-uusap nila at kinain rin ni Kibuka ang pata ng alagang hayop.

*Halaw sa http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/ang-alaga.html*


# GAWAIN

**Gawain A:** Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong gamit ang *Story Worm*. Gawin ito sa sagutang papel.




**Gawain B**

**Panuto**: Ilahad ang kahalagahan ng akdang binasa sa sarili, lipunan, at daigdig.



| PAMAN TAYAN | 5 Napakagaling | 4 Magaling | 3 Katamtaman | 2 Nangangailangan ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kompleto at komprehensibo ang paglalahad ng pangungusap. Wasto ang lahat ng impormasyon. | Kompleto ang nilalaman ng pangungusap. Wasto ang lahat ng impormasyon. | May 1-2 kakulangang pangungusap. May ilang maling impormasyon. | Maraming kakulangan ang pangungusap. |
| Organisasyon | Organisado, malinaw, simple, at may tamang pagkasunod-sunod ang presentasyon ng ideya. | Malinaw at maayos ang presentasyon ng mga ideya. Malinaw ang daloy ng impormasyon. | Maayos ang presentasyon ng mga salita at ideya. May 1-2 bahaging hindi malinaw. | Hindi maayos ang presentasyon ng mga ideya. Maraming bahagi ang hindi malinaw sa paglalahad ng kaisipan. |

**Gawain C**

**Panuto**: Gamit ang grapikong pantulong, magtala ng suliraning nangingibabaw sa akda. Pagkatapos, iugnay ito sa pangyayari, sitwasyon o kalagayan ng bansa at sa daigdig.

| Suliraning Nangibabaw sa Akda | Pangyayari sa Pilipinas | Pandaigdigang Pangyayari |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

| PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY 5 | MAHUSAY 3 | KAILANGANG MAGSANAY 1 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalawak ng impormasyong inilahad | Malawak ang impormasyong ibinigay | Hindi tiyak ang mga impormasyon ibinigay |
| Paglalahad | Napakalinaw at napakaayos ang paglalahad ng mga ideya | Malinaw at maayos ang paglalahad ng mga ideya | Hindi gaanong malinaw at maayos ang paglalahad ng mga ideya |

## TANDAAN

**Alam mo ba…**

Ang salita o pahayag na naglalahad ng opinyon ay mahalagang maunawaan ng bawat isa. Sa pamamagitan nito naipahahayag o naipahihiwatig sa ating kausap o ng mambabasa ang ating mga opiniyon, ideya, o kaalaman kaugnay sa isang paksa.
Narito ang mga salita o pariralang nagpapakilala o nagsasaad ng opinyon:

Sa palagay ko…
Ipinahihiwatig sa kaniyang sinabi…
Sa tingin ko…
Maaaring…
Baka…
Siguro…

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Gawain 1:**
**Panuto**: Bumuo ng pangungusap gamit ang mga salita o pahayag na naglalahad ng opinyon batay sa sumusunod na sitwasyon. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Pagkakaroon ng pandemya sa buong mundo dulot ng Covid 19.
2. Pagtaas ng presyo ng mga bilihin.
3. Sunod-sunod na krimeng nangyayari sa bansa.

**Gawain 2:**
**Panuto:** Suriin ang palabas mula sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=z8cIuHp7kSg. Ang link na ito ay may kinalaman sa pagtaas ng presyo ng bilihin sa kasalukuyang panahon. Pagkatapos, maglahad ng tatlong opinyon kaugnay sa napanood gamit ang mga salitang nagpapahayag ng opinyon.

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________.
2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________.
3. ______________________________________________________________
______________________________________________________________.

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Para sa bilang 1-4. Basahin at unawain ang siping bahagi ng kuwento. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Sa araw, malayang nakagagala pa ang baboy, bagaman laging nahuhulog sa ilog.

Hindi tiyak ang lalim ng ilog sa Kalansanda. Karaniwang naliligo o nagtatampisaw ang mga taga-Kalansanda sa nasabing ilog. Minsan, kapag umuulan, malakas ang agos ng tubig na maaaring madala nito ang isang bata. Ibig na ibig ng alagang baboy na magtampisaw rito. Naglalaro sa imahinasyon ni Kibukang baka paglaruan ang alagang baboy ng mga batang naglalaro. Pagkatapos, hulihin at dalhin sa gitna ng ilog at lunurin ang baboy.

Para hindi ito mangyari, tuwing magdidilim na, ipinapasyal niya ang alagang baboy na kinasanayan nang makita ng mga taga-Kalansanda at tanging hindi mga tagaroon ang tila nagugulat sa ginagawa niyang pagpapasyal sa alagang baboy habang may tali ito. Naging magandang ehersisyo ito ni Kibuka dahil sa pananakit ng kaniyang mga kalyo na sa bawat hakbang niya upang masiyahan ang alagang baboy ay katumbas naman ng labis na sakit ang dulot sa kaniyang halos ikaiyak niya.

*Halaw sa http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/ang-alaga.html*

1. Mahihinuhang ang tagapag-alaga ay mayroong katangiang_______.
   A. malupit
   B. malinis
   C. may malasakit
   D. masayahin

2. Kahit makapal na ang kalyo ni Kibuka, patuloy niya pa ring pinagmamalasakitan ang alaga at ipasyal ito sapagkat________.
   A. ibebenta niya ito kalaunan.
   B. nagiging sikat na ito sa buong kapitbahay.
   C. minahal niya ito na parang sariling anak.
   D. nais niya itong malunod sa ilog.

3. Naisip ni Kibukang ipagbili na lamang ang alaga dahil sa kapaguran ngunit hindi niya ito ginawa sapagkat_________.
   A. pagtataksil ito sa kaniyang alaga.
   B. naaawa siya dito.
   C. namatay na rin ito.
   D. palalakihin pa itong lubusan.

4. Anong aral ang kumintal sa iyong isipan matapos mabasa ang akda?
   A. Hindi maaaring magsama ang tao at hayop hanggang sa dulo ng kanilang buhay.

B. May pagmamahal talagang mabubuo mula sa tao at sa kaniyang alaga.
C. Dapat mas unahin ang kapakanan ng tao kaysa sa alagang hayop.
D. Walang mabuting idudulot ang pag-aalaga ng baboy.

**Para sa bilang 5-7**. Tukuyin ang pinakaangkop na opinyong naaayon sa isyung panlipunang inilahad sa bawat bilang.

5. Mabilis ang pagtaas ng presyo ng bilihin dulot ng pandemyang nararanasan ng ating bansa.
   A. Itinuturing na kapag mataas ang demand ay mababa ang supply.
   B. Sa tingin ko nangyari ito dahil sa kalamidad na naranasan ng bansa.
   C. Batay sa aking paniniwala walang kinalaman ang Covid 19 sa isyung ito.
   D. Marami sigurong mga supplier ang nagsasagawa ng hoarding upang mapataas ang presyo.
6. Ang pagkamatay ng isang flight attendant ay nagdulot ng pagkadawit ng maraming tao.
   A. Ayon sa eksperto Aortic Aneurysm ang ikinamatay nito.
   B. Iginiit ng ina ng dalaga na ang kanyang anak ay ginahasa.
   C. Sa palagay ko, pare-pareho lamang silang biktima ng panghuhusga ng ilang netizen.
   D. Napatunayan ng eksperto na walang kasalanan ang mga kaibigan ng dalaga sa pagkamatay nito.
7. Ang pagkakaroon ng 2nd variant ng Covid 19 sa bansa ay nagdulot ng lalong takot sa mga Pilipino.
   A. Ito ay nagmula sa bansang Europa.
   B. Maaaring ito'y mapigilan kung tayo ay magiging maingat.
   C. Magkakaroon ng malawakang pagbabakuna sa ating bansa.
   D. Sa tingin ko magiging maingat na ang mga tao sa paglabas-labas.

8. Ngayon, <u>gugugulin</u> niya ang kanyang buhay sa maliit niyang dampa sa tabing Ilog sa Kalansada. Ano ang kahulugan ng salitang may salungguhit?
   A. sasayangin B. ilalaan C. ibibigay D. wawakasan

9. Karaniwang nagtatampisaw ang mga taga-Kalansanda sa ilog. Ibigay ang kahulugan ng salitang nagtatampisaw.
   A. naghahabulan B. naliligo C. nagtutulakan D. naglalaro

10. Ang drayber ng motorsiklo at alagang baboy nito ay <u>tumilapon</u> sa iba't ibang direksyon. Tukuyin ang kahulugan ng salitang may salungguhit.
   A. tumalon B. naglakad C. tumalsik D. gumapang

## SANGGUNIAN

Ambat, V.et al. (2005). Filipino 10 Panitikan Pandaigdigan Modyul para sa Mag-aaral. Quezon City, Vibal Group, Inc. pp. 291-297.

Kimenye, B. (2015). Ang Alaga. http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/ang-alaga.html. Retrieved January 25, 2021.

Pagkontrol sa pagtaas ng presyo ng bilihin pag-uusapan na ng mga alkalde ng Metro Manila/Teleradyo.Enero 25, 2021. https://www.youtube.com/watch?v=z8cIuHp7kSg

## SUSI SA PAGWAWASTO

| Unang pagsubok | Balik-Tanaw | Pangwakas na Pagsusulit |
|---|---|---|
| 1. B | 1. Kamay | 1. C |
| 2. B | 2. Hangin | 2. C |
| 3. C | 3. Tribo | 3. A |
| 4. C | 4. Leon | 4. B |
| 5. D | 5. bakas | 5. B |
| 6. A | | 6. B |
| 7. B | | 7. B |
| 8. B | | 8. B |
| 9. B | | 9. B |
| 10. B | | 10. C |